# KALIGTASAN NG MGA BATA SA PANAHON NG TAG-INIT

## PAG-IWAS SA PAGKAHULOG AT MGA PINSALANG DULOT NG MAINIT NA SASAKYAN

Bawat taon, lalo na sa mga buwan ng tag-linit  kung kailan mas mataas ang panganib, ang mga maliliit na bata ay malubhang nasasaktan o namamatay dahil sa pagkahulog mula sa mga bintana at balkonahe, at sa pag-iiwan sa mga maiinit na sasakyan. Ibinabahagi ng kampanyang ito ang mga simple at praktikal na hakbang na maaari mong gawin araw-araw upang makatulong na mapanatiling ligtas ang mga bata.

### 🏢 KALIGTASAN SA BALKONAHE AT BINTANA

Ang mga batang maliliit ay likas na mausisa at mabilis umakyat . Tumulong na maiwasan ang mga pagkahulog.

- **Bantayan nang mabuti ang mga bata**, lalo na kapag bukas ang mga bintana o pinto ng balkonahe
- Panatilihin **ang mga muwebles na malayo** mula sa mga bintana at mga rehas ng balkonahe
- Magkabit o gumamit ng **mga kandadong hindi mabubuksan ng bata** sa mga pinto ng balkonahe
- Siguraduhing may **mga gumaganang mga panangga o harang** para maiwasan ang pagbukas nito nang masyadong malawak
- **Ipa-alam sa may-ari ng gusali** kung ang mga kagamitang pangkaligtasan o mga screen ng bintana ay nawawala o nasira

**TANDAAN: ISARA, IKANDADO, AT SURIIN.**

# 🚗 Kaligtasan sa Mainit na Sasakyan

## Kahit kailanman huwag iwanan ang mga bata o alagang hayop sa loob ng kotse — kahit isang minuto lang.

Maaaring maging lubhang mainit ang mga sasakyan sa loob lamang ng ilang minuto, kahit hindi gaanong mainit ang panahon at bahagyang nakabukas ang mga bintana. Mas mabilis uminit ang katawan ng isang bata kaysa sa isang nasa hustong gulang, na maaaring magdulot ng panganib sa buhay sa loob lamang ng ilang minuto.

- Palaging **isama ang mga bata at alagang hayop** kapag umaalis ka sa sasakyan, kahit saglit lamang ang paghinto
- Turuan ang mga bata na **huwag maglaro sa loob, sa ibabaw, o sa paligid ng mga sasakyan**
- **Ikandado ang iyong sasakyan** kapag hindi ginagamit upang maiwasan ang pagpasok ng mga bata sa loob

**TANDAAN: TUMINGIN MUNA BAGO MO IKANDADO.**

**Kailangan ng Karagdagang Impormasyon?**
I-scan ang QR code o bisitahin ang website sa ibaba para sa mga tip sa kaligtasan, mga mapagkukunan, at impormasyon tungkol sa mga malalamig na espasyo na malapit sa iyo.

🔗 **torontoccas.org/safe-kids**

Ang **Ligtas na mga Bata, Matatag na mga Komunidad (Safe Kids, Strong Communities)** ay isang pakikipagtulungan ng mga organisasyong pangkomunidad na nagtutulungan upang makatulong na mapanatiling ligtas ang mga bata sa buong Toronto. Ang bawat pamilya ay nararapat magkaroon ng kaalaman at mga kagamitan upang makatulong na maiwasan ang mga pinsala at makapagligtas ng mga buhay.